# Ang Kombersasyong Kaswal ng mga Estudyante sa CASS

Marina G. Quilab


## Abstrak

Ito'y naglalayong suriin at analisahin ang kaswal na pagpapalitan ng usapan ng isang grupo ng mga estudyante sa CASS, MSU-IIT. Inilarawan ang usapang naganap at, kinilala (1) ang mga *speech acts* na makikita sa *utterances* ng mga *interlocutor*, (2) tiningnan kung paano nagsisimula at nagtatapos ang kanilang usapan, at (3) kinilala ang mga hudyat ng pagpasok sa pag-uusap ng mga kalahok sa usapan.

Natuklasan ang sumusunod: May pagsasapawan ng *utterances* sa loob ng parehong turn at may mga pagko-*chorus* ding nangyari o iyong sabay-sabay na *utterances* ng mga *interlocutor* sa isang pagkakataon. *Informal* ang paraan at istilo ng pag-uusap dahil sa mga salitang ginamit sa pagpapahayag.

Maraming anyo ng *speech acts* o kahulugang pangkomunikatibo ang lumabas katulad ng pagtatanong, pagsang-ayon,pagkainis, pagpapaliwanag, pagtataka, pagkokompirma, pagbibigay-suhestyon at pagkukwento. May mga pagtatanong na may ibang kaugnay na kahulugan tulad ng pagtataka, pagkabigla o bahagyang pagkagulat. Sa pagtatanong madalas naipakikita ang hudyat ng pagpasok sa usapan at pagsisimula ng usapan. Nasa *preclosing* at *closing* ang paraan nila sa pagtatapos ng usapan. Ang prosodi nagpapabago sa kahulugan ng salita kahit pareho ang anyo nito. Ang paggamit sa mga *non-verbal* na anyo ng pagpapahayag ay lalong nakatulong upang maintindihan nang maayos ang mensaheng inihatid ng nagsasalita sa kanyang tagapakinig.


---

The author is an Assistant Professor IV at the Department of Flipino and Other Languages at the MSU-Iligan Institute of Technology, Iligan City. She finished both her Bachelor's degrees in Literature in Filipino in 2002 and her Master's in Literature in Filipino in 2008 at MSU-IIT.

Higit na naging aktibo, tuluy-tuloy at masigla ang usapan dahil alam ng mga ispiker ang wikang ginagamit, parehong lebel ng edad sila, magkatulad ang pinagmulan at halos magkakatulad ang hilig nila sa buhay.

*Keywords:* chorus, closing, conversational analysis, discourse analysis, ellipse, interference, interlocutor, overlapping, pre-closing, prodding, turn-taking, utterance

## Introduksyon

Pinaniniwalaang lalong nagiging epektibo ang komunikasyon o mga pahayag kung pareho ang wikang ginagamit ng mga tao dahil madali at tuluy-tuloy ang paghahatiran nila ng mensahe sa kanyang mga kausap. Sa Pilipinas na isang multilinggwal at multikultural na bansa ay lumalabas na lalong nagiging komplikado ang pagkakaunawaan o pakikipag-ugnayan ng bawat isa. Nagkakaroon ng tinatawag na miskomunikasyon o ng magulo at katawa-tawang pakikipag-ugnayan dahil sa pagbabagu-bago ng tema o paksa ng mga pag-uusap. Sa bahaging ito ay nagiging kapana-panabik ang pag-alam at pag-unawa sa porma, istruktura at kahulugan ng wika o mga salitang ipinapahayag ng mga nag-uusap para sa mabisang komunikasyon.

Samakatwid may iba't ibang pamamaraan ng pagsasalitang ginagamit ng tao sa kanyang komunidad. *Ayon kina Semorlan at mga kasama (1999:54),* nagkakaroon ng interaksyon ang mga tao sa pamamagitan ng wika. Ginagamit o sinasalita ng mga ito ang nakatakdang wika na maaaring mag-overlap kung saan may mga bilinggwal na tao na maaaring walang pagkakaisang sosyal at kultural. Sa pahayag na ito ay ginamit nilang batayan ang sinabi ni Bloomfield na : **a speech community is a group of people who interact by means of speech.** Ang grupo o lipunan ay nagpapalitan at nag-iinter-ak sa pamamagitan ng kanilang wikang ginagamit at paraan ng kanilang pagpapahayag.

Kaugnay ng pagkilala sa kahalagahan ng mabisang pakikipag-usap ay kinilala ang tinatawag na kombersasyunal na analisis. Sinasabi na:

> **Conversational analysis is based on the assumption that conversations are the bedrock of other forms of interpersonal relations. They are the most pervasive form of interaction and a conversation consists of the fullest matrix of socially organized communicative practices and procedures** (Ritzer, 2000).

Ang pagtingin at pagsusuri sa mga usapan o kombersasyon ng mga taong nakikipagtalastasan sa kapwa ay nakatutulong upang malaman at makita ang magandang ugnayan o relasyon ng bawat isa sa isang partikular na lipunan. Dahil kasangkapan ng kombersasyon ang wika, kinilala ang tatlong dimensyon ng pagkakaiba-iba ng register ng wika. Ito ay ang tinatawag na **field, mode** at **tenor.** Ang unang dimensyon ay tumutukoy sa layunin o paksa ng komunikasyon. Ito marahil ang pinakadahilan ng kanilang pag-uusap, dahil anumang pag-uusap ay mayroong kaukulang mga layunin o tunguhin. Ang **mode** naman ay tumutukoy sa kung paano isinasagawa ang komunikasyon. Ito ay kumikilala sa mga instrumento o paraan na ginagamit sa pagpapahayag. Ang **tenor** naman ay ang relasyon ng mga nag-uusap. Binibigyang pansin dito ang kaugnayan sa bawat isa ng mga nagpapalitang-kuro.

Batay sa nabanggit na mga dimensyon, mahalagang malaman ng tao at ng lipunang kanyang ginagalawan ang pagkakabuo ng ugnayan at kung paano isinasagawa ang kombersasyon. Mabuting talakayin ang mga bagay na kaugnay ng mabuti at isang tuluy-tuloy na komunikasyon. Ipinaliliwanag sa dimensyong ito na ang pagkakaroon ng mabisang komunikasyon ay daan tungo sa tagumpay ng anumang mithiin.

Binanggit ni Dell Hymes (1971), ang tinatawag na ethnography of speaking bilang bahagi ng kombersasyunal analisis at naglalahad na ito'y **radically descriptive orientation for the accumulation of data on the nature of ways of speaking within speech communities.** Nangangahulugan ito na ang pagsusuri sa isang kombersasyong panlipunan ay nagpapalitaw sa gamit ng wika sa usapan. Sa ibang pahayag, ito ay masusing paglalarawan ng salitaan. Dahil dito higit na magiging makabuluhan ang komunikasyon o kombersasyong nagaganap

sa bawat indibidwal o grupo ng mga taong nagsasalita at nagpapahayag ng kanilang mga saloobin at kaisipan.

Batay sa mga nabanggit sa itaas, isang makabuluhang gawain ang talakayin at suriin ang pag-uusap ng mga tao sa isang partikular na lipunang may iba-ibang kultura, kaligirang kasaysayan at kaugalian sa buhay. Ito'y upang matukoy ang ilang mga paraan sa pagkakaroon ng isang maganda at maayos na pagpapahayag o komunikasyon. Sa pamamagitan nito ay higit na magkakaunawaan ang bawat isa. Ang pagkakaintindihang ito ang magiging daan para sa tagumpay at kaunlaran ng bawat mithiin.

Sa mga kadahilanang nabanggit sa itaas ay mahalagang suriin ang kaswal na pag-uusap o pagpapalitan ng salitaan ng mga estudyante sa College of Arts and Social Sciences (CASS) ng MSU-Iligan Institute of Technology o MSU-IIT. Pinaniniwalaang napapanahon ang pag-aaral sapagkat magsisilbi itong ambag sa pagpapalawak ng pag-aaral ng diskurso at kombersasyon.

## Paglalahad ng Suliranin

Nilalayon ng pag-aaral ang pag-analisa ng kaswal na kombersasyon ng mga estudyante sa Colllege of Arts and Social Sciences (CASS). Tinalakay at sinuri ang pagpapalitan ng oral na salitaan ng isang grupo ng mga estudyante. Upang maisagawa ito, narito ang mga katanungang nagsilbing gabay upang magkaroon ng saysay ang pag-aaral na ito.

1. Ano ang deskripsyon ng usapang nagaganap?
2. Anong mga speech acts ang makikita sa utterances ng bawat interlocutor/partisipant.
3. Paano sila nagsisimula at nagtatapos ng pag-uusap?
4. Anong mga hudyat ng pagpasok ang ipinapakita ng mga nag-uusap? Paano nila ito isinasagawa?

## Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral

Saklaw sa pag-aaral na ito ang paglalarawan at pagsusuri sa kaswal na pasalitang usapan o pagpapalitan ng salitaan na nagaganap sa mga estudyante ng College of Arts and Social Sciences o CASS ng MSU-

IIT. Bahagi ng pagsusuri ang pagkilala sa role relationships o ugnayan ng mga kalahok sa usapang nagaganap.

Oral lamang na usapan ang naging batayan ng pag-analisa sa kanilang kombersasyon. Hindi isinali ang kanilang mga pasulat na paraan ng pag-uusap. Walang ispesifik o tiyak na kraytirya kung ano ang magiging edad ng mga sabjek na partisipant ng kombersasyong kinuhanan ng rekording. Hindi na rin kinilala kung ano ang kurso o digring kinukuha nila.

Ang saklaw na mga sabjek sa pag-aaral ay iyon lamang nakikita sa loob ng gusaling CASS. Inilimita lamang sa mga estudyante ang naging sabjek o target ng pag-aaral at hindi na isinama ang mga titser, administrador, staff at mga janitors ng pamantasan.

## Batayang Konseptwal at Teoritikal


May iilang teorya o konsepto ang nakitang may malaking kaugnayan sa pag-aaral na ito bilang sandigan sa pagbuo ng analisis; paanong binigyang-kahulugan at anong kahalagahan ng pagkakaroon ng kombersasyunal analisis.

Isa na rito ang tinatawag na schema theory. Nagpapaliwanag ang teoryang iskima sa pagtingin sa mga kaalaman na pinalawak ng mga abstraktong katangian na nagbibigay-daan upang unawain ang isang daigdig o bagay na kinilala. Ang teoryang ito ay naglalarawan na ang bawat indibidwal ay may kanya-kanyang sariling personal na iskima. Ipinaliliwanag na ang bawat tao ay may iba-ibang paraan kung paanong magbigay ng kahulugan o interpretasyon sa mga bagay-bagay sa paligid. Gumagamit sila ng iba-ibang kategorikal na tuntunin o pamantayan upang maging instrumento sa pagbibigay ng interpretasyon ng partikular na "world" o daigdig na pinag-aaralan at sinisikap nila itong maging angkop sa mga pamantayang pinagbatayan.

Ang conversation theory naman ang isa pa sa ginamit na batayan ng pag-aaral. Ito ay tumutukoy sa relasyon sa pagitan ng kombersasyon at ng wika na ginagamit dito. Ang conversation theory ay isang makabuluhang deskripsyon ng mga pagpapalitan o pagbabahaginan ng mga roles o tungkulin na ang mga obligasyon at responsibilidad ay nabuo, tinanggap at isinantabi. May apat na atribusyon ang teoryang ito. Ito ang significance o katuturan, mutuality o pagkakapareho, capability o kakayahan at kontrol. Ang mga katangiang ito ay mahalagang isaalang-

alang sapagkat dito nakikita at nasusukat ang isang organisado at magandang relasyon sa proseso ng komunikasyon.

Ang iskimang sumusunod ang nagpapakita ng paradaym ng pag-aaral.




Figyur 3. Ang Iskima ng Paradaym ng Riserts

# Mga Kaugnay Na Literatura

## Diskors Analisis

Isang malawak na pag-aaral ang tinatawag na diskors analisis. Malawak ang saklaw nito at ginagamit ito sa iba't ibang larangan. Ang pagdulog na nagagamit rito ay parehong kwalitatibo at kwantitatibo. Pinaniniwalaan ng mga postmordernists na walang partikular na view of the world o walang isa o payak na pananaw o interpretasyon sa mga teksto o diskurso. Ito'y nasa sa kung paano binibigyang kahulugan ang nasabing teksto kaya't maaaring hindi iisa lamang ang interpretasyon sa nasabing world o konteksto. Ito ay pag-aaral at pagsusuri nang malaliman sa mga nilalaman ng anumang diskurso.

Binanggit sa Wikipedia Dictionary na ang **discourse analysis is a number of approaches to analysing language use above the sentence or clause level. The language in question can be written or spoken text or systems of texts.** Bagaman ang bawat lapit ay may iba-ibang aspeto sa paggamit ng wika, mahalagang malaman na ang wika ay gamit sa sosyal na interaksyon at mahalaga ito sa pag-unawa ng mga sosyal na konteksto. Kung ganoon ito'y nagagamit hindi lamang sa pagkilala ng mga linggwistikong gamit sa pagpapahayag kundi ang pagtingin nito sa pagpapalitan ng salitaan.

## Kombersasyunal Analisis

Ang kombersasyunal analisis ay kilala rin bilang spoken discourse analysis. Ito ay pag-aaral o pagsusuri ng mga salitaan at ang interaksyon ng mga nag-uusap. Nilalayon nitong makita kung paano ginagampanan ng tao ang kanyang mga gawain sa araw-araw, institusyunal man o kaswal na paraan.

Bilang pangalawang varyasyon ng ethnomethodology, ang kombersasyunal analisis ayon kay Zimmerman ay isang **detailed understanding of the fundamental structures of conversational interaction.** Ito ay ang pagkilala, paglalarawan at pag-unawa sa buong proseso ng kombersasyon, kasangkot ang mga elemento nito, lugar, paksa at mga interlocutor.

Sinusuri ng kombersasyunal analisis ang salita ng usapan, at lalo na ang mga pag-aalinlangan, cut-offs, restarts, silences, breathing noises, throat clearings, sniffles, laughs at laughterlike noises, prosody at maaaring iba pang non-verbal na aspeto ng komunikasyon. Ang ideyang ito ay bahagi ng eksplenasyon ni Zimmerman hinggil sa nabanggit na paksa. Ito ay tumutukoy sa paglalarawan at pagsusuri sa mga usapan na nagaganap sa interlocutors o mga kalahok sa kombersasyon.

Layunin din ng conversational analysis ang pagsusuri sa taken-for-granted na pamamaraan na bahagi na ng komunikasyon. Ito ay tumutugon sa relasyon ng mga utterance sa kombersasyon. Sa conversational analysis, ang empasis ay hindi sa pagbuo ng mga istruktural na modelo kundi sa isang malalimang obserbasyon ng mga katangian ng interlocutor sa usapan at sa patern na maaaring maulit sa saklaw ng mga pag-uusap.

Ang mga nagawa nina Goffman, Sacks, Schegloff at Jefferson, ay malaking ambag sa kahalagahan ng pag-aaral ng kombersasyon. Tinitingnan dito ang mga conversational norm, turn taking at iba pang aspeto ng tinatawag na spoken interaction.

## Iba pang Salik sa Pag-aaral ng Kombersasyunal Analisis

Iba't ibang salik o mga bagay ang tinitingnan sa pagsasagawa ng kombersasyunal analisis. Mahalagang makilala ang mga ito dahil sa pamamagitan nito ay malalaman at masusuri nang maayos ang isang kombersasyon bilang bahagi ng pag-aaral ng diskors.

Isa na rito ang tinatawag na **cohesion mechanism**. Ito ang bahagi ng pag-aaral ng kombersasyong kinikilala ang iba pang katangian ng isang usapan. Isang katotohanan na may mga bahagi ng pag-uusap na ang kahulugan ay wala sa salita na binitiwan ng isang ispiker kundi sa kung paano ito sinasabi. May mga pagkakataon na sa usapan ang higit na pagpapakahulugan ng mensaheng pinagbabahaginan ay nasa kung paano ito inihatid at paano ito isinagawa. Maaaring ito ay lalong nabibigyan ng kahulugan sa pamamagitan ng ekspresyon ng mukha o maging sa tono ng pagsasalita. Ang **cohesion mechanism** ay kinapapalooban ng mga **cohesive properties** tulad ng **ellipsis, prodding** at iba pang mga kaugnay na anyo na tumutukoy sa pag-interpret ng iba pang katangian ng isang kombersasyon.

## Metodolohiya

Deskriptibong analisis ang ginamit na paraan sa pag-aaral na ito. Sinuri at inilarawan ang kaswal na kombersasyon ng isang kolektibong grupo ng mga estudyante sa CASS, MSU-IIT. Sa pag-analisa ng datos ay ginamit ang SPEAKING (setting, participant, ends, act sequencing, keys, instrumentalities, norms at genre) ni Dell Hymes upang mailarawan ang kabuuang detalye ng usapan.

**Riserts Lokál**

Isinagawa ang pag-aaral sa College of Arts and Social Sciences o CASS. Ang CASS ay bahagi ng MSU-Iligan Institute of Technology o MSU-IIT na isang autonomous external campus ng Mindanao State University System.

Pinalawak ng MSU-IIT ang kakayahan sa akademya, riserts, infrastraktyur at kultural na aspeto. Dahil dito nabuo ang mga bagong kolehiyo at isa na rito ang CASS o College of Arts and Social Sciences.

Bago naging CASS ang kolehiyong ito ay kinilala ito bilang School of Arts and Sciences (SAS) na kinapapalooban ng mga general courses para sa mga digri program na ini-oofer sa Institute. Noong 1970, ang SAS ay binago sa pangalang School of Arts and Humanities o SAH. Ang SAH ay nagsimulang mag-offer ng mga Bachelor of Arts na digri program sa English, History, Sociology at Political Science hanggang sa nagkaroon ito ng ekspansyon. Sa kasalukuyan ay kilala itong College of Arts and Social Sciences (CASS) at nadagdag ang mga programang AB Filipino at BS Psychology maliban pa sa mga digring gradwado sa English, Filipino, Sociology at History.

Ang CASS ay isa sa pitong mga akademik yunit ng IIT. Ang lahat ng mga estudyanteng nasa lebel na tersyarya ay dadaan muna sa CASS bago makapasa o makakuha ng diploma sa kanilang digring kinukuha. Nasa CASS ang tinatawag na general courses o liberal arts na komponent sa lahat ng mga digri program ng institusyong ito. Kabilang na rito ang wika (Filipino & English), Humanities, Agham Panlipunan (History, Psychology, Political Science at Sociology) at Philosophy.

Ang CASS ay binubuo ng anim na departamento: English, Filipino at Ibang mga Wika, History, Psychology, Political Science at Sociology.

Ang Special General Education Night Program na programa rin ng CASS ay itinalaga upang mabigyan ng pagkakataong makapasok sa kolehiyo ang mga estudyanteng hindi pinalad na makapasa sa SASE o entrance exam ng MSU.

**Mga Sabjek o Target ng Pag-aaral**

Isang grupo ng mga estudyante sa CASS ang pinagkunan ng mga datos. Hindi maiiwasang nakasasali sa usapan ang risertser upang hindi mahalata na inirerekord ang kanilang usapan. May mga nakasali rin sa usapan na mga estudyanteng hindi taga-CASS sapagkat mga kakilala at kaibigan ito ng grupong pinagkunan ng usapan. Ang bagay na ito'y pinaniniwalaang dagdag na impormasyon sa ginawang pag-analisa ng pag-aaral.

Hindi na inuri ang mga estudyante, kung lalaki ba o babae at pati ang kanilang mga edad sapagkat sinasaklaw lamang sa pag-aaral na ito ang kabuuang paraan o istilo ng pagpapalitan nila ng usapan. Ang edad o kasarian at pati katayuan sa buhay ay naging bahagi na lamang ng pagsusuri ng mga datos.

**Pangangalap ng Datos**

Personal na isinagawa ang rekording sa kagustuhang masubaybayan ito nang maayos at makita nang harap-harapan ang pag-uusap ng mga sabjek o mga interlocutor ng kombersasyon. Sa pamamagitan nito'y higit na nailarawan ang verbal at non-verbal features ng diskors ng mga interlocutor.

Hindi tiyak ang oras ng pagkuha ng datos o pag-obserba sa usapan ng bawat target na sabjek dahil depende ito sa sitwasyong nakikita at kalagayan ng mga nag-uusap. Ito'y para hindi mahalata ng mga sabjek na inirerekord ang kanilang pagpapalitang-kuro at hindi malilimitahan ang kanilang palitan ng usapan. Sa ganitong paraan, lumalabas ang natural na istilo nila ng pagsasalita. Laging nakahanda ang MP3 Digital na ginamit sa pagrerekord upang kung may mga pagtitipun-tipon ng estudyante ay agad na mairekord ito. Umabot ng 30 minuto ang pag-uusap na inirekord. Sa ganitong haba ng pagrerekord ay pinaniniwalaang sapat ang datos para masuri nang malaliman at maipakita ang layunin ng pag-aaral na ito.

**Pagsasaayos ng mga Datos**

**Pagrerekord**. Ito ay isinagawa sa pamamagitan ng MP3 Digital na instrumento. Laging hawak-hawak ito na hindi nahalata dahil sa anyo nito na aakalaing nakikinig ka lamang ng tugtog ng radyo o MP3 sounds.

**Pagtatranskrayb.** Ito ay isinagawa pagkatapos na mairekord ang usapan. Inulit-ulit ang pakikinig sa MP3 Digital upang makuha ang buong daloy ng pag-uusap. Pagkatapos ay isinulat sa papel ang mga usapang nairekord.

**Analisis at Interpretasyon.** Pagkatapos maitranskrayb o maisulat sa papel ang mga usapang nairekord, isinagawa agad ang pag-aanalisa at pagtukoy sa mga bagay na hinihingi sa layunin ng pag-aaral. Mula sa usapan ay kinilala ang mga communicative acts ng utterances ng mga interlocutor. Sinimulan din ang pagsusuri ayon sa mga batayan ng pag-aaral gamit ang mga bahagi ng komunikasyon na inilaboreyt ni Dell Hymes.

## PARAAN NG PAG-ANALISA NG MGA DATOS

### I. SPEAKING ni Dell Hymes

Sa kabuuang paglalarawan at pag-aanalisa ng usapan ay ginamit ang tinatawag ni Dell Hymes na **SPEAKING**.

**S**- kumakatawan sa setting o tagpuan o saan naganap ang usapan.

**P**- tumutukoy sa mga participant ng usapan.

**E**- tumutukoy sa ends o layunin ng pag-uusap.

**A**-tinatawag na act sequencies o ang pagkakaugnay-ugnay ng usapan sa sitwasyon na ginanapan ng pag-uusap.


**K**-keys na tumutukoy sa istilo o paraang ginamit sa pakikipag-usap. Sa bahaging ito ay natutukoy ang speech register na iniaangkop ng mga partisipant sa kanilang usapan ayon sa sitwasyon o lokasyong kinabibilangan.

**I**- tumutugon naman sa instrumentalities o kasangkapan ng paghahatid ng mensahe. Ito ba ay sa pamamagitan ng pagsulat o kaya pagsasalita.

**N**-tumutukoy sa norms o paksa ng pag-uusap.

**G**-Genre na nagpapaliwanag kung paano inihatid ang usapan-pagsasalaysay ba o paglalarawan o kaya paglalahad at pangangatwiran. Sa pamamagitan ng mga elementong ito ay higit

na naipapalutang ang magandang kalalabasan ng anumang pagsusuri at pagtingin sa anumang kombersasyon.




**Figyur 5.** Freym ng Daloy ng Pag-analisa ng Kombersasyon

## II. Pag-aanalisa ng Datos Ayon kina Sacks, Schegloff at Solomon

Upang matamo ang pinakalayunin ng pag-aaral na ito, higit na kinilala sa pag-aanalisa ng usapan ang sumusunod na kinuha mula sa konsepto ng mga proponent ng kombersasyunal analisis na sina Sacks, Schegloff, at partikular na kay Solomon na nasa http://ils.unc.edu/2solomon/hp/html:

1. **Speech Acts/Communicative Acts.** Ito ay ang paglalarawan sa kung ano at paano sinasabi o ginagawa ng mga interlocutor ang utterances sa loob ng usapan. Ito ay tumutukoy sa utterances ng mga tunog o sa

pagbuo ng marker ayon sa layunin ng pag-uusap. Kinilala rito kung ang utterances ba ay may himig ng pagkayamot, pasalaysay, palarawan, pagtatanong, pagbati, pautos, pakikiusap, pagsang-ayon o anupaman. Kinilala rin sa bahaging ito kung anong speech acts ang nakahihigit na isinasagawa sa bawat utterance ng mga ispiker.

2. **Turn-taking.** Kinikilala sa bahaging ito ang interruption ng pag-uusap ng mga interlocutor. Tinitingnan din ang mga tinatawag na overlapping, chorus at seleksyon ng mga ispiker o kung sino ang nagsasalita at magsasalita. Sa kabuuan sa bahaging ito ipinapakita at inilalarawan ang kanilang interaktibong pag-uusap.
3. **Pagsisimula o Pagtatapos ng Usapan.** Ito ay tumutukoy sa kung paano sinimulan at tinatapos ng mga conversant ang kanilang usapan. Kinilala sa bahaging ito ang paraan ng kanilang pagsisimula at paraan ng pagtatapos ng usapan. Tiningnan din kung may mga paghinto o pauses ba na nangyayari sa pagsisimula at pagtatapos ng kanilang mga usapan at may mga pre-closings bang nangyayari o wala.
4. **Hudyat ng Pagpasok sa Usapan.** Tumutugon naman ito sa kung paano nakikipag-usap ang bawat isa sa kombersasyong naganap. Kinilala rin dito kung ano ang role relationship ng bawat isa batay sa kung paano sila pumapasok o sumasali sa usapan. Sa bahagi ring ito higit na napatutunayang kaswal ang paraan ng kanilang pag-uusap.

## Presentasyon, Analisis At Interpretasyon Ng Mga Datos

Sa paglalarawan at pag-analisa ng mga datos ay ginamit ang padron na **SPEAKING** ni Dell Hymes. Ang *structural* at *functional* na analisis ay binigyang pansin din para masagot ang mga katanungang hinihingi ng pag-aaral.

### I. Paglalarawan ng Usapan Batay sa Deskripsyon ni Dell Hymes

(Setting, Participants, Ends, Act Sequencies, Keys, Instrumentalities, Norms at Genre)

Naganap ang kombersasyon sa dakong alas 3:00 ng hapon sa may CASS Rotonda. Ito ang **setting** ng usapan. Binubuo naman ng labing-isang (11) **participants** ang grupong kinuhanan ng rekording ng usapan.

Ang **Ends** na tinutukoy naman sa paglalarawan ay ang layunin ng mga partisipant sa pag-uusap ng bawat isa. Iba-iba ang naging dahilan ng kanilang pag-uusap ngunit ang higit na dahilan ay sa sitwasyong wala pa silang klase at nababagot na naghihintay ng susunod na klase. Nagkaroon ng pagbabago ng mga layunin dahil na rin sa pabagu-bago ng paksa na kanilang pinag-uusapan. Ang **act sequencies** sa usapan ay makikita sa daloy ng pag-uusap ng mga *interlocutor*. Sa unang malas sa kanilang pag-uusap, mapapansin agad ang isang kaswal na pagpapalitan ng mga ideya at salita hinggil sa paksa na kanilang pinag-uusapan. Sa kanilang usapan mababanaag agad na sila ay malapit na magkakaibigan dahil sa paraan ng kanilang mga *utterance*.

Kaswal na pagpapalitan ng usapan ang mapapansin sa kombersasyong ito. Ito ang **keys** na tinatawag ni Dell Hymes. Ang mga salita na ginamit ay kakikitaan ng pagiging kaswal o natural at walang pangingiming paggamit. Halimbawa sina S2 at S4 ay malayang nagpapahayag ng mga salitang may himig panunuya at panlilibak o pagmumura. Ang *register* o mga salitang ginamit ay kakikitaan ng pagiging hindi formal. Makabago rin ang mga salitang ginamit na naaayon sa kalakaran ng kanilang panahon. Harap-harapan ang ginamit na paraan ng paghahatid ng mensahe ng mga *interlocutor* kung saan ito ang tinutukoy na **instrumentalities** sa paglalarawan ng usapan. Ang **norms** o paksa sa usapan ay iba-iba. Sa haba ng pagrerekord na umabot sa tatlumpung (30) minuto, mahigit sampung paksa ang napag-usapan. Nagkaroon ng pagbabagu-bago ng paksa sa usapan lalo na't may mga pagkakataong ang isang ispiker ay may ibang naiisip na paksang sisimulan.

Ang **genre** ay nagpapaliwanag kung paano inihatid ang usapan. Ito ang paraan ng pagpapahayag ng mga *interlocutor* na kombinasyong pagsasalaysay, paglalarawan, paglalahad at pangangatwiran. Sa unang bahagi ng usapan ay mapapansing nasa paraang pagsasalaysay at paglalarawan ang paraan ng pagpapahayag ng bawat isa.Ngunit sa kalaunan at sa paglalim ng kanilang usapan ay nakitang kombinasyon ng apat na anyo ng pagpapahayag ang kanilang ginamit. Ito ang kombinasyong pagsasalaysay, paglalarawan, paglalahad at pangangatwiran.

## II. Istruktural Analisis

Ang **istruktural** na pag-analisa ng kombersasyon ay nagpapakita ng bilang ng mga *utterance* ng mga *interlocutor*. Sa loob ng mahigit tatlumpung (30) minutong usapan, nagkaroon ng (30) tatlumpong bilang ng mga *chorus* o sabayang *utterances* sa parehong turn. Umabot din sa parehong bilang na tatlumpo (30) ang *overlapping* ng usapan o iyong tinatawag na sapawan ng *utterance* sa halos parehong turn o sa magkalapit na turn ng pagbigkas. Nagkaroon din ng tinatawag na *interferences* ang usapan. Ito iyong bahagi ng usapan o mga *utterance* ng ibang tao na hindi kasama sa grupo na pinagkunan ng rekording ng kombersasyon. Umabot sa limang (5) bilang ang nakitang *interferences* sa loob ng usapang ito.

May kabuuang 627 ang bilang ng turns. Mula rito kinuha ang bilang ng *chorus* na 30 kaya ang kabuuang bilang na lamang ng mga turn ay 597. Inihiwalay na binilang ang *chorus* dahil may iba itong katangian na magpapaliwanag sa kung paanong ang usapan ay nabuo lalo na sa grupong ito na binubuo ng maraming mga partisipant o kalahok.

May mga paghahanay ng datos na nagpapakita ng kompletong larawan sa pag-aanalisa sa mga kahinghian ng pag-aaral na ito. Isa na rito ang pagkilala sa mga *turn* ng bawat ispiker(S) sa naganap na usapan. Lumabas na si S2 (bilang pangalawang ispiker) ang may pinakamaraming turns sa buong kombersasyon na umabot sa bilang na 149 o 24.96%. Nangyari ito dahil bukod sa *utterance* niya para sa paksang pinag-uusapan ng grupo ay may iba pa siyang kinakausap na tao na hindi kasama sa grupo. Ito ang tinatawag na *interferences* mula sa mga nagdaang kakilala niya. Ang *utterance* ng mga nagdaang kakilala ni S2 ay hindi na ibinilang na bahagi ng buong bilang ng turns dahil hindi na rin nakuha nang maayos ang mga tugon ng partikular na taong kakilala ni S2. Sa bahaging ito ipinakita kung sinong ispiker ang dominante sa usapang naganap.

Ang paghanay ng *chorus* naman ay nagpapakita kung paano sila sumasabad sa usapan. Kung saan ito ay nagpapakita kung gaano sila kalaya sa isa't isa sa pagpasok sa usapang naganap. Ang distribusyon ng *chorus* sa loob ng kombersasyon ay naipapakita sa pamamagitan ng mga tawanang naganap sa pag-uusap nila o iyong sabay-sabay nilang utterances sa isang pagkakataon.

Sa pag-uusap ay may bahaging nagkaroon ng *interferences* o interruption. Sa pag-aaral na ito, ang *interferences* ay kinilala bilang interruption sa buong kombersasyon. May mga bahagi sa kombersasyon na ang ispiker ay nakikipag-usap na hindi sa kanyang mga kagrupo kundi sa mga kakilalang napadaan sa umpukan nila. Nagkataon lamang na nagbatian dahil naaayon ito sa madalas na ginagawa ng mga magkakaibigan lalo na sa kulturang Pilipino.

Maraming bahagi sa kombersasyon na nagkaroon ng *overlapping*. Sa pag-aaral na ito, ang *overlapping* ay kinilala na pagsasapawan ng *utterance* sa isang pagkakataon o magkasunod na *utterance* sa halos magkalapit na pagkakataon. Halimbawa, nagsasalita ang isang ispiker tungkol sa isang bagay, subalit ang isa namang ispiker ay iba ang kanyang sinabi kaya nagkaroon ng sapawan ng *utterances* sa halos parehong *turn*. May mga pagkakataon namang ang pag-ooverlap ng isang ispiker ay ang siyang sanhi upang magkaroon ng *shifting* o pagbabago ng paksa sa pag-uusap. Masasabi kung gayon na may mga pagkakataon na ang *overlapping* ay dahilan din ng tinatawag na *shifting* o pagbabago ng paksa ng pag-uusap.

## III. Functional na Analisis

Ang *functional* na pag-aanalisa ay maipakikita sa pamamagitan ng pagkilala sa mga *speech act*.

Mula sa 627 na bilang ng turns ng bawat interlocutor ay may limampu't walong (58) *speech acts* sa bawat *utterance* ng kanilang pag-uusap. Mangyaring ganito karami ang bilang ng mga *speech act* dahil na rin sa haba ng palitan ng usapan, na umabot sa mahigit 30 minuto. May mga pagkakataon ding sa bawat utterance nila ay may iba-iba silang ipinahihiwatig tulad ng sumusunod: pagtatanong, pagkokompirma, pagsusumbong, pagtataka, pagsang-ayon, pagpapaliwanag, panunukso, prodding o pag-udyok, pagbibigay-impormasyon, pagbibigay-opinyon, pagbibigay-suhestyon, pagyayaya, pagkayamot, pag-uutos, pagmamalaki, pagyayabang, pagpipigil, pagkadismaya, pagtiyak, pagkukwento, paglalarawan, simpleng ekspresyon, pagkainis, pagrereklamo, pagpuri, pagpuna, pagtatampo, pagtutol/pagtanggi, pagsusumamo, paglilinaw, pagpatotoo, pag-aalala, panunuya, pagbabanta, pagbibigay-diin, pagtawag-pansin, panlilibak, pagbabalewala, pagbati, pagpapaalam, pagkatuwa, pandidiri, pagsagot, pagbibiro, pasasalamat, pagkakilig,

panghahamon, pag-iisip, pagkapahiya, pagpipilit, panghihinayang, pagkabahala, pag-aalo, pagkamangha, pangangatwiran, pagkasabik at pagdududa.

Mula sa naitalang mga *speech act* ay lumabas ang **pagtatanong** bilang pinakamaraming akto ng pagsasalita sa lahat ng *speech acts.*Nangyari ito dahil lahat halos ng pagsisimula ng kanilang usapan ay nag-uumpisa sa pagtatanong at mula rito saka sinimulan ang pagtalakay sa mga paksa ng kanilang pag-uusap hanggang sa lumalim ang takbo o paksa ng kanilang mga pag-uusap.

Para sa *speech act* na **pagtatanong**, masasabing kahit nasa punto pa ito ng pagtatanong ay maaaring may kasama pa itong ibang mga kaugnay na kahulugan depende sa kung anong sitwasyon at layunin ng nagsasalita. Madalas ang mga marker ng pahayag na nagtatanong ay nagsisimula sa bernakular na salitang "unsa?" na ang ibig sabihin ay ano. Natuklasan din na ang pagtatanong na akto ng pagsasalita o pagpapahayag ay hindi lamang nangangahulugang pagtatanong upang makakuha ng sagot o paliwanag. Minsan din lumalabas na ang pagtatanong ay isinasagawa upang magbukas ng usapan o upang pansinin ang isang bagay o tawagin ang atensyon ng partikular na kausap.

Ang **pagsang-ayon** ang ikalawang *speech act* na nakakuha ng maraming bilang ayon sa *utterance* ng mga *interlocutor*. Madalas nangyayari ang **pagsang-ayon** kung may mga pagkakataong kailangang kumbensihin o kaya ay hingin ang iyong saloobin tungkol sa isang partikular na paksa.

Ang "bitaw" ay isang ekspresyong Cebuano na nangangahulugang *Oo nga*!, *Talaga*! Ilan ito sa palatandaan ng pahayag na nagsasabi ng pagsang-ayon. "Mao jud" ay isa pang tanda o marker para sa pagkilala ng kahulugan ng *utterance* na **pagsang-ayon**.

May mga paghahanay din kung ano o paano ang hudyat ng pagpasok ng bawat ispiker sa usapang naganap. Ang tinutukoy rito na hudyat ay yaong kung paano sila pumasok sa usapan o paano sila sumabad. Ano ang mga marker nila para malamang gusto nilang pumasok sa usapan o gusto nilang magbukas ng paksa.

May mga salita o katagang ginamit ng mga *interlocutor* bilang hudyat ng pagpasok nila sa usapan. Ang pinakamadalas na hudyat ng usapan ay ang *karaniwang pagtugon ayon sa hinihingi sa usapan*. Ang tinutukoy rito ay ang mismong buong pahayag ng ispiker ayon sa kung paano siya sumabad sa usapan. Ang mga pahayag na ito ay maaaring nasa punto ng pagsang-ayon, pagbibigay ng suhestyon, pagbibigay ng impormasyon, pagkukwento, paglalarawan, paglilinaw, pagkumpirma at iba pang kaugnay na kahulugan ng pahayag. Ang mga nabanggit na paraan ng pagtugon ng mga *interlocutor* ay kinilalang hudyat ng pagpasok sa usapan dahil ito ang mga *utterance* na isinagawa nila sa pag-uusap.

Sa loob ng 30 minutong usapan, nagkaroon ng mahigit 14 na pagbubukas o pagbabago ng paksa. Ang **pagtatanong** ang pinakadahilan kung paanong ang usapan ay nagbabago ng daloy o paksa. Sumunod dito ay ang **pagtawag-pansin**. Ito ang layuning pangkomunikatibo na dahilan din kung paanong ang paksa ay nagbabago. Ang **pagkayamot** o **pagkabagot** naman ang isa pang dahilan ng pagbabago ng usapan at maging ang **pagtataka**.

Ang mga hudyat ng pagpasok ng mga *interlocutor* sa usapan ay nakikilala sa pamamagitan ng paggamit nila ng mga kataga bilang ekspresyon upang simulan ang pag-uusap o pagsali sa usapan. Tulad ng, "Uy!, Hoy!, Lagi!, Bitaw!, Hala!, Hmmn!, Aw!, Aw!" at iba pa. Ang "Unsa man? at Nganu man?" na karaniwang paraan ng pagtatanong ay isa pang hudyat nila sa pagpasok o pagsisimula sa usapan. Subalit natuklasan din na ang pagsabad nila sa usapan ay kanilang isinagawa sa pamamagitan ng buong pahayag nilang pagtugon, lalo na kung ito ay nagbibigay ng impormasyon, nagbibigay ng suhestyon, nagkukwento, naglalarawan, naglilinaw, nagkompirma at iba pang kaugnay na kahulugan ng pahayag.

Pagtatanong ang isa pang higit na ginagamit na tanda ng mga *interlocutor* sa pagpasok nila sa usapan. Sa pangkalahatan, masasabing ang mga nabanggit na salita ay karaniwang ginagamit ng ispiker sa pagsisimula ng usapan. Subalit ang pagbubukas ng usapan at maging ang hudyat ng pagpasok ng *interlocutor* sa usapan ay nasa karaniwang pahayag o mismong buong pahayag na hindi na gumagamit ng mga ekspresyon lamang.

Nasa dalawang anyo ng pagtatapos ng usapan ang makikita sa loob ng usapang nagaganap. Ito ang *pre-closing* at *closing*. Ang *pre-closing* ay ang *utterance* na nasa anyong tatapusin ng nagsasalita ang

pinag-uusapan. Ito ay anyong ipinapakita ang hudyat ng pagtatapos ng usapan. Nangangahulugan itong hindi pa buo ang pagtatapos na ginawa sa pag-uusap. Maaaring may idudugtong pang pahayag. Ang *closing* naman ay tumutukoy sa hudyat ng pagtatapos ng paksa ng pag-uusap kaya nagkaroon na naman ng bagong paksa o fokus ng pag-uusap.

Sa kabuuan ng pagkilala sa paraan ng pagtatapos ng usapan ay masasabing depende sa *availability* ng partisipant at depende sa paksa ng pag-uusap. Ang pagtatapos ay makikita sa mga pahayag tulad ng, "Tara na!, Manlakaw na ta (Aalis na tayo) at Mauna na mi (Mauuna na kami).

Ang **meaning mechanism** o tinatawag na **coherence** ay tumutukoy sa kahulugan ng mga pahayag sa loob ng konteksto. Nakikilala ito sa pamamagitan ng semantikal na pahayag ng mga *interlocutor* na nakikita mula sa mga *functional speech acts* o kaugnay na kahulugan ng mga pagbigkas.

Tingnan ang sumusunod na palitan ng usapan at ang kaugnay na *speech act* ng bawat *utterance*.

| | |
|---|---|
| S1: Uyy!! Mga kuan daw ta - | Pagsusumbong |
| S2: Uyy!! Nagsugod na? - | Pagtatanong |
| S2: Uyy!! Het dina lagi ka nag ob ob karon? Di ba bo bo man ka? Cute cute na lagi ka karun? - | pagtawag pansin/pagtatanong |
| S4: Bitaw uy! - | Pagsang-ayon |
| S6: uuuyyy!.. (sabay tapik sa balikat ni S5 Dahil nakita na naman nila ang lalaking gwapo) - | panunukso |

Ang "Uy!!" ay isang ekspresyon o marker bilang panawag-pansin sa atensyon ng iba. Sa bahaging ito ang "Uyy!" ay may ibang pakahulugan ayon sa paggamit at pagbigkas nito. Masasabi kung ganun na ang paggamit ng ekspresyong "uyy" ay nagkakaiba-iba ng gamit ayon sa kung paano ito ipinahayag o binigkas ng *interlocutor*.

Para sa mga pagliliwanag ng mga pahayag, lumalabas naman ang tinatawag na *prodding*. Ito ang pahayag na nag-uudyok ng damdamin o

interes ng kausap para ipagpatuloy at lalong palawakin at palalimin ang usapan. Ilan sa mga marker ng pagpapahayag na nagpapahiwatig ng panghihimok o pag-uudyok ay ang, *unya..unya?, Dayon? Sige, di ba? Di ba?*

Ang wika na ginamit sa usapan ay Bisaya-Cebuano at nagkaroon lamang ng ilang *code-switching* at *code-shifting* sa dalawang wikang Tagalog at English. May iilang termino rin silang ginamit sa usapan na naging makabuluhan dahil na rin sa komon nilang pagpapakahulugan sa mga nabanggit na salita. Lumalabas din na *informal* ang paraan at istilo ng pag-uusap dahil sa mga salitang ginamit sa pagpapahayag. May mga pahayag o pagtugon ang mga *interlocutor* na wala sa anyo ng pahayag subalit ito ay nabibigyan ng kahulugan ayon sa konteksto ng pahayag at paksa ng pag-uusap. May mga pagkakataon ding ang kahulugan ng mensahe ay wala sa salitang binibigkas kundi sa kung paano ito sinabi o inihayag sa mga pag-uusap. Ang isang kaswal na anyo ng pag-uusap ay nagpapakita ng walang pangingiming pagsabad sa usapan ng mga *interlocutor* na nagpapakilalang sila ay malapit sa isa't isa.

Ang prosodi o pag-iiba-iba ng tono ng pagbigkas ay nagpapabago sa kahulugan ng salita kahit pareho ang anyo nito. Ang paggamit sa mga *non-verbal* na anyo ng pagpapahayag ay lalong nakatutulong upang maintindihan nang maayos ang mensaheng inihahatid ng nagsasalita sa kanyang tagapakinig.

## Konklusyon at Rekomendasyon

### Konklusyon

Batay sa mga natuklasan ay nabuo ang sumusunod na konklusyon:

1. Sa pagtamo ng isang maayos at mabisang kombersasyon kinilala ang kakayahang pangkomunikatibo na pinahahalagahan ang pagtingin o paglinang sa kasanayang magamit ang wika sa mabisang pakikipagpatalastasan. Hindi sapat na matutunan lamang ang isang wika at mabatid ang mga tuntunin nito, kundi higit na dapat malaman kung paano ito gagamitin sa wastong paraan, sitwasyon o kalagayan;

2. Napatunayang kapag gamay na gamay ng kausap ang salita, hindi na siya mahihirapang unawain pa ang kahulugan nito at maging ng buong pahayag. Nakakadugtong siya sa usapan o sa mga naunang pahayag nang walang pag-alinlangan;
3. Sa isang kaswal na kombersasyon ay malayang nakapapasok sa usapan ang bawat miyembro nito. Walang pangingiming pagsabad sa usapan at hindi pansin kung sino ang nagsasalita ang namamayani rito;
4. Ang **pagtatanong** ang pinakadahilan kung paano ang pagbukas o pagbago ng paksa ng pag-uusap. Likas na sa pagbubukas ng paksa ng pag-uusap ang **pagtatanong** tiyak man ito o pangkalahatang pagbubukas ng paksa;
5. Ang prosodi o pagiiba-iba ng tono ng pagbigkas ang nagpapabago sa kahulugan ng salita kahit pa pareho ang anyo nito. Ang paggamit sa mga *non-verbal* na anyo ng pagpapahayag ay lalong nakatutulong upang maintindihan nang maayos ang mensaheng inihatid ng nagsasalita sa kanyang tagapakinig;
6. Sa kabuuan, higit na nagiging aktibo, tuluy-tuloy at masigla ang usapan kung parehong alam ng mga ispiker ang wikang ginagamit, parehong lebel ng edad, pareho ng pinagmulan o lugar na kinalakhan at halos magkatulad ang hilig sa buhay.

**Rekomendasyon**

Ang mga sumusunod ang rekomendasyon ng pag-aaral:

1. Magsagawa pa ng ibang pag-aaral kaugnay ang kombersasyunal na analisis, tulad ng komparatibong pag-aaral sa kombersayong formal at kaswal;
2. Palawakin ang pag-aaral ng diskors analisis sa pamamagitan ng pagkilala sa mga katangian nito hindi lamang sa oral na diskors kundi pati na sa pasulat na diskors;
3. Gumawa pa ng mga pag-aaral na may kaugnayan sa pagpapalawak ng kakayahang komunikatibo kaugnay ang pagkilala sa mga *speech act* bilang kahulugan ng bawat *utterance* ng mga kalahok sa usapan;

4. Gumawa ng pag-aaral kaugnay ang pagkilala sa iba pang elemento ng kombersasyunal analisis tulad ng pagkilala sa iba pang anyo ng *overlapping* at *interferences*;
5. Magkaroon ng parehong pag-aaral subalit hindi lamang nakafokus sa mga estudyante kundi pati na rin sa mga titser o iba pang grupo ng tao;
6. Magsagawa rin ng kaugnay na pag-aaral sa magkaibang lugar at pagkakataon upang sa ganun ay makilala pa nang malaliman ang papel ng lugar at oras o panahon bilang isa sa salik ng pagkakaroon ng aktibong usapan;
7. Palawakin ang pagkilala sa mga gampanin ng mga *interlocutor* sa usapan sa pamamagitan ng pag-aaral hinggil sa relasyon ng mga ispiker tulad ng pagkilala sa intrapersonal, interpersonal, kultural at kolektib na antas ng komunikasyon.

## Mga Reperensya

### Mga Libro

Barker, Larry L. at Deborah A. Barker. 1993. *Communication.* New Jersey: Prentice-Hall, Inc.

Bautista, Ma. Lourdes S. 1998. *PAGTANAW. Essays on Language in Honor of Teodoro A. Liamzon.* Manila: Linguistics Society of the Philippines.

Beebe, Leslie M. 1987. *Issues In Second Language Acquisition Multiple Perspectives.* New York: Newburry House Publishers.

Bolton, Kingsley at Helen Kwok. 1992. *Sociolinguistics Today International Perspectives.* London: Routledge.

Carey, James W. 1989. *Communication as Culture, Essays on Media and Society.* New York: Unwin Hyman Inc.

Constantino, Pamela C. at Monico M. Atienza. 1996. *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan.* Quezon City: U.P. Press

Cook, Guy. 1989. *Discourse.* Walton St. Oxford: Oxford University Press.

Curran, James at David Morley. 1996. *Cultural Studies and Communications.* New York: St. Martoin Press, Inc.

Espina, Bibiana C. at Francisca T. Borja. 1999. *Sining ng Komunikasyon.* Iloilo City: Secuban Printers and Publishing House.

Geminez, Teresita M. et al. *Palisi sa Wika.* Manila: U.P. Press.

Gudyskunst, William B. at Stella Ting-Teomey at Tsukasa Nishida. 1996. *Communication in Personal Relationships Across Cultures.* California: SAGE Publications.

Hatch, Evelyn. 1992. *Discourse and Language Education.* California: Cambridge, University Press.

Henderson, Greig E. at Christopher Brown. 1997. *Glossary of Literary Theory.* University of Toronto.

Holmes, Janet. 1993. *Introduction to Sociolinguistics.* Longman House U.K.

Hymes, Dell. 1971. *Language in Culture and Society. A Reader in Linguistics and Anthropology.* New York: Harper and Row, Publishers.

Mckay, Sandra Lee at Nancy H. Hornberger. 1996. *Sociolinguistics and Language Teaching.* UK: Cambridge University Press.

McCarthy, Michael. 1991. *Discourse Analysis for Language Teachers.* New York: Cambridge University Press.

McLaughin, Barry. 1987. *Theories of Second Language-Learning.* USA. Routledge.

Miller, George A. 1973. *Communication, Language and Meaning (Pshychological Perspectives).* New York: Basic Books, Inc., Publishers.

Mukalel, Joseph C. 2003. *Psychology of Language Learning.* New Delhi, India: Discovery Publishing House.

Navarro, Josefina et al. 1985. *The Filipino Community.* Metro Mnaila: Vibal Publishing House, Inc.

Peregrino, Jovy M., Pamela C. Constantino at Nilo s. Ocampo. 2002. *MINANGA mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino.* Diliman: U.P. Press

Pridham, Francesca. 2001. *The Language of Coversation.* London: Routledge.

Prosser, Michael H. 1978. *The Cultural Dialogue an Introduction to Intercultural Communication.* Boston: Houghton Mifflin Company.

Richards, Jack at Theodore S. Rodgers. 1986. *Approach and Methods in Language Teaching A Description and Analysis.* New York: Campbridge University Press.

Ritzer, George. 2000. *Modern Sociological Theory.* USA. Maryland: MCGraw Hill Companies, Inc.

Searle, J.R. 1971. *The Philosophy of Language.* New York: Oxford University Press.

Tannen, Deborah 1993. *Gender and Conversational Interaction.* New York: Oxford University Press.

Villamarzo, Perla C., Josephine G. Relis at Estrella E. Cruz. 2000. *Functional Oral Communication.* Manila: University of Sto. Tomas Publishing House.

**Jornal**

Mercado, Anita. 2000. *Istilo ng Pagsasalita ng Pilipino sa Labas ng Klase ng mga Piling Guro na Di-Tagalog sa Lungsod ng Iligan.* **BITIYARA**. Tomo 1, Serye Blg. 1. 14-28. KWF. Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino. MSU-Marawi, Marawi City.

**Mga Tesis at Disertasyon**

Alensub, Sonia A. 1994. *Egocentrism in the Language and Thought on Preschool Children in Region X.* Hindi nakalimbag na disetasyon, College of Education, University of the Philippines.

Cheong, Eun-Ye. 1998. *Genre Analysis of English Sermons Delivered by Korean, Filipino and American Pastors.* Hindi nakalimbag na disertasyon, College of Education: University of the Philippines.

Lacanaria, Arlene A. 1994. *SEXISM and Conversational Style as Perceived by 20 Selected Students of IDS of MSU-IIT.* Hindi nakalimbag na Tesis: MSU-Iligan Institute of Technology.

**Mula sa Internet**

Http//@Stef Slembrouck (1998, 199-2001, 2002-2004)
Http://www.fiveclocks.martinjoos.html.
Http://dis.sagepub.com/cgi/content/abstract/7/3/337.
Http://dis.sagepub.com/cgi/content/abstract/73/267/
Http://www.lettere.unimore.it/seminari/conversation.html.
Http://wikipedia.org/wiki/discourse_analysis
Http://en.wikipedia.org./wiki/harvey_sacks